BC Renal Agency
An agency of the Provincial Health Services Authority

Ang Inyong Catheter

Ang ilang tao ay tinatawag ang kanilang 'hemodialysis catheter' (vascular access) na isang daan ng buhay (lifeline) dahil nagagawa nitong posible ang dialysis. Ang pag-aaral ng lahat ng maaaring malaman tungkol sa inyong 'catheter' ay mahalaga…at ang brosyur na ito ay isang kasangkapan upang magawa nga ito. Kung mayroon pa kayong katanungan pagkatapos na mabasa ito, makipag-usap sa inyong doktor o iba pang miyembro ng pangkat na nangangalaga ng kalusugan.

Ano ang Pagpasok sa Daluyan ng Dugo (Vascular Access)?

May tatlong uri ng pagpasok sa daluyan ng dugo:

- Ang fistula
- Ang graft
- Ang catheter

Pinapayagan nito ang pangkat na nangangalaga ng kalusugan na mapasok ang inyong daluyan ng dugo nang paulit-ulit. Sa bawat pagkakataon na kayo ay may hemodialysis na paggagamot ang inyong pasukan ng daluyan ng dugo (vascular access) ay ikinakabit ng isang tubo sa makinang pang-dialysis. Ang isang tubo ay dinadala ang dugo sa makinang pang-dialysis upang malinis. Ang isang tubo ay ibinabalik ang malinis na dugo sa inyong katawan . Ang prosesong ito ng pagdadala ng dugo sa at mula sa inyong katawan sa makinang pang-dialysis ay inuulit ng maraming beses sa panahon ng pagdi-dialysis.

Ang polyetong ito ay nagbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa *hemodialysis catheter* at kanilang pangangalaga.

Ano ang Hemodialysis Catheter?

Ang hemodialysis catheter ay isang pirasong tubo na pangkaraniwang ipinapasok sa malaking ugat sa inyong leeg o dibdib. Ito ay maaring gawin sa Radiology Department, sa pang-operang silid o sa isang yunit ng narsing (nursing unit).

Upang maipasok ang catheter, ang doktor ay gagawa ng isang maliit na hiwa sa inyong balat sa ibabaw ng ugat. Ang catheter ay pinalulusot sa ugat at ikakabit sa inyong balat. Ang benda ang magtatakip sa lugar na kung nasaan ang catheter na pinasok sa balat.

Ang bahagi ng catheter ay nakalabas ng ilang pulgada sa inyong balat. Mayroon itong dalawang tubo at ito ay nakaipit sa grapa (clamped) at nakasara kapag hindi ginagamit. Ang hemodialysis na tubo ay naka-konekta sa catheter na tubo.

Pangkalahatan, ang catheter ay hindi pangkaraniwang nagtatagal tulad ng mga 'fistulas' at 'grafts' at mas maraming mga problema tulad ng impeksiyon at pamumuo ng dugo (clotting). Kaya hindi sila ang una o pangalawang pinipili para sa pagpasok sa daluyan ng dugo 'vascular access'.

Subalit, ang catheter ay maaring gamitin kaagad. Kaya kung kailangan ninyong mag-umpisang mag-hemodialysis bago maihanda para magamit ang inyong 'fistula' o 'graft', o hindi kayo maaring gumamit ng 'fistula' o graft' dahil sa pang-medikal na dahilan, isang pansamantalang daanan (hemodialysis catheter), ang kinakailangan upang makapasok sa inyong daluyan ng dugo.



Hemodialysis Catheter sa Leeg

Ano ang Kailangan Kong Gawin Pagkatapos na Ipinasok ang Catheter?

1. **I-monitor o subaybayan ang antas ng inyong kakulangan sa ginhawa.** Kung ang antas ng inyong kakulangan sa ginhawa ay nasa kainaman hanggang katamtaman, gamitin ang gamot sa pananakit o kirot na iminungkahi ng inyong doktor. Kung hindi ito nagkabisa, sabihin sa inyong doktor o nars.
2. **Pangalagaan ang inyong benda.** Pamalagiing malinis at tuyo ang inyong benda. Ang paliligo sa 'tub'ang pinakamahusay na paraan ng paglilinis dahil mas madaling mag- 'sponge' habang pinanatili ninyong tuyo ang inyong benda. Kung ang inyong benda ay natanggal o nabasa, maghugas na mabuti ng kamay at tanggalin kung anuman ang natira sa benda. Ilagay ang malinis, tuyo na 4x4 na gasa at i-teyp ito sa lugar. Pumunta sa yunit ng inyong dialysis upang malagyan ng nararapat na benda (dressing).
3. **Magbantay para sa pamamaga. Inyong mapapansin ang pamamaga sa paligid ng inyong leeg.** Kung kayo ay nakararanas ng kahirapan sa pagsasalita o paghinga, sabihin kaagad sa inyong doktor o nars.



Hemodialysis Catheter sa Dibdib

Paano Kong Mapapanatiling Malusog ang Aking 'Catheter'?

- Huwag subukang hipuin ang catheter dahil maari itong mauwi sa impeksiyon.
- Huwag gumamit ng matatalim na bagay tulad ng gunting malapit sa tubo ng catheter.
- Gumamit ng pantakip (mask) para sa inyong ilong at bibig tuwing bubuksan ng nars ang catheter*. Ang nars na nagpapalit ng benda ay dapat ding magsuot ng takip (mask) at guwantes.

  * *Kung kasama kayo sa programang hemodialysis na pang-tahanan, ang inyong doktor o nars ay magbibigay sa inyo ng partikular na mga tagubilin.*

- Magsuot ng isang Medical Alert na pulseras (bracelet) o magdala ng kard sa inyong pitaka upang malaman ng mga manggagawang nangangalaga ng kalusugan na kayo ay may hemodialysis catheter. *Tiyakin na ang inyong pulseras o kard ay kasama ang impormasyon kung nasaan nakalagay ang inyong catheter.*

Kailan Ko Dapat Tawagan ang Aking Doktor sa Sakit sa Bato (Nephrologist) o Dialysis Unit?

- Mayroong anumang pamumula, pag-iinit o pananakit sa kahabaang banda ng catheter.
- Mayroong anumang tumatagas o umaagos mula sa lugar ng labasan ng inyong catheter.
- Mayroon kayong kapansin-pansin na pamamaga o pangangati sa paligid ng inyong catheter o leeg.
- Kayo ay parang may lagnat, at may alinman sa mga sintomas na nabanggit sa itaas.
- Mayroon kayong napansin na ang bahagi ng inyong catheter sa labas ng inyong balat ay parang lalong humahaba.
- Ang inyong catheter ay nahila nang di sinasadya at mayroong pagdurugo sa paligid ng labasan.

Mahahalagang mga Numero ng Telepono

Doktor sa sakit sa bato _____

Siruhanong Pang-Vascular _____

Yunit ng Dialysis _____

Klinik para sa sakit sa Bato _____

Klinik para sa Vascular Access _____

Ang impormasyon sa polyetong ito ay ipinagkakaloob para sa mga layuning pang-edukasyon at pang-impormasyon, at upang suportahan ang inyong pakikipag-usap sa inyong pangkat na nangangalaga ng kalusugan tungkol sa inyong kondisyon na pang-medikal at paggagamot. Hindi ito ibinibilang na payong pang-medikal at hindi dapat na ipalit sa payong ibinibigay ng inyong doktor o iba pang kwalipikadong propesyonal na nangangalaga ng kalusugan.

Ang brosyur na ito ay maaaring i-download mula sa website ng BC Renal Agency sa: ***www.bcrenalagency.ca***

BC Renal Agency
An agency of the Provincial Health Services Authority

BC Children's Hospital
An agency of the Provincial Health Services Authority

Providence Health Care
How you want to be treated.

Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions. Better health.

northern health

Interior Health

BRITISH COLUMBIA
The Best Place on Earth

fraserhealth
Better health. Best in health care.

VANCOUVER ISLAND health authority

Vancouver Coastal Health
Promoting wellness. Ensuring care.